

Bakit Importanteng Turuan ang Tuta na Sumunod?

Kailangang turuan ang tuta na sumunod sapagkat ang tutang naturuang sumunod ay lumalaking masayang aso. Malugod ang pagtanggap sa kanila ng mga tao at maging ng ibang aso. Sila ay nananatili pag sinabihan at lumalapit pag tinatawag. Nakakaaliw na ilakad sila sa parke, isama sa pasyalan at eskursyon ng pamilya. Sila ay itinuturing na respetadong miyembro ng pamilya.

Ang aso naman na hindi naturuan ay hindi nagiging masaya. Hindi sila nabibigyan ng mga pribilehiyo. Kailangan silang ikulong kapag may bisita sapagkat sila ay magulo. Kapag oras ng kainan, nanghihingi sila ng pagkain. Kapag inalis ang tali, lumalayo sila na nagiging sanhi na sila ay mawala o masaktan. Walang gustong ilakad sila sapagkat sila ay nanghihila. Kailangan silang iwan dahil magiging perwisyo sila sa eskursyon ng pamilya.

Tandaan na ang aso ay nabubuhay ng 10 hanggang 16 taon! Nasa ikabubuti ng may ari at ng aso na turuan ang tuta habang sya ay maliit pa. Ang intensyon ay magkaroon ng gabay para sa mabuting asal. Maaari itong makamit sa pamamagitan ng pagtuturo sa tuta ng ilang elementaryang utos. "Sit and stay" o "maupo at manatili", ay maaaring gamitin para manatili ang tuta sa isang lugar sa maikling panahon. Kapag may kumatok na bisita, "sit and stay" o "maupo at manatili" ay maaaring gamitin upang hindi ito pasugod na makipag unahan sa pinto.

Kapag tinuturuan ang tuta, parating gamitin ang kanyang pangalan at ulit-ulitin ang utos lalo na sa umpisa, bigyan ng pagkain o "treats" tuwing sya ay sumusunod. Habang natututo ang tuta, bawasan ang dalas ng utos at magbigay ng mas mahabang agwat sa oras. Kalaunan ang pagbigay ng pagkain o "treats" kada sunod sa utos ay maaring unti-unting gawing madalang, ngunit sa umpisa ito ay importante upang panatilihin ang atensyon ng tuta.

Tandaan na upang magtagumpay sa pagtuturo, importanteng panatilihin gumamit ng isang paraan ng pagtuturo, magkaroon ng mahabang pasensya, at gamitin ang pamamaraan na tinatawag na "positive reinforcement" - ang pagbigay ng pabuya kapag ang utos ay sinunod, na nagbibigay ng mas mataas na posibilidad na maulit ang pagsunod sa utos.

Ang buong sambahayan ay kailangang gamitin ang parehong paraan ng pagtuturo sa tuta. Gawing masayang karanasan ang pagtuturo para sa lahat, pati na rin para sa tuta. Ang mga menor de edad ay kailangang bantayan upang mapanatili ang kaligtasan ng tuta at siguraduhing hindi sila natututo ng maling asal. Ugaliing bigyang pabuya and iyong aso sa pagiging masunurin at huwag parusahan pag sila ay nagkakamali.

Maraming libro tungkol sa pagtuturo ng elementaryang utos gamit ang “positive reinforcement;” maaaring pumunta sa lokal na aklatan. Tandaan, ang asong naturuang sumunod ay isang masayang aso kaya maglaan ng oras para turuan ang iyong tuta.

Isinalin sa Filipino ni Cynthia Almontero-Matheson - Volunteer Translator ng Phoenix Legacy of Compassion at Philippine Animal Rescue Team (PART)

Mula sa orihinal na panulat ni Sherry Woodard ng BestFriends Animal Society